1

# Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | **Makabansa 1** | **Markahan** | **Una** |
| **Linggo** | **Ikawalo** | **Araw** | **Ikalawa** |
| **Pamagat/Paksa ng Aralin** | **ANG BAWAT TAO AY N ATATANGI** | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Gawain Blg.** **2**

**Pamagat/Paksa ng Aralin:** Ang Bawat Tao ay Natatangi

**Layunin:** Naibabahagi ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan.

**Kagamitang Kailangan:** papel, lapis, kuwaderno, at mga larawan

**Laang-panahon para sa gawain:** 5 hanggang 10 minuto

**Gawain 1 :**

Babasahin ng guro ang panuto at sasagutin ng mga bata ang bawat tanong. Isusulat nila ang sagot sa kanilang kuwaderno.

**Panuto**: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tama at malungkot na mukha ☹ kung mali.

_____1. Si Jose ay masayang ibinabahagi ang kanyang talento sa pagsayaw sa kanyang kaklase.

______2. Nag-eensayo sa Miah sa kanyang pag-awit sapagkat siya'y sasali sa isang patimpalak sa pagkanta.

______3. Si Marcuz ay mahilig sumayaw, pero nahihiya siyang ibahagi ito sa kanyang mga kaklase.

_____4. Pinagtatawanan si Ashley dahil hindi siya marunong sumayaw.

______5. Pinasasalamatan ni Sarah ang Diyos sa talentong ipinagkaloob sa kanya.

**Gawain 2:**

**Panuto**: Pagtambalin ang mga larawan sa hanay A at kahulugan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa bawat patlang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ______1.  | A. pagpinta |
| _____2.  | B. pagsayaw |
| ______3.  | C. pagtakbo |

__________4.  D. pagguhit

__________5.  E. pagkanta

**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):**

- Ipapanuod sa mga mag-aaral ang bidyo tungkol sa talento kakayahan ng isang bata na nasa link https://www.youtube.com/watch?v=40u01FQDfJU. Maaaring pagtataya o repleksiyon upang mas maunawaan ng bata ang aralin.
- *Paalala*: Ang guro ay maaaring magsaliksik pa ng ibang mga babasahin tungkol sa aralin.

**Pagtataya/Repleksiyon**

1. Ano-ano ang kakayahan na iyong nakita sa bidyo?
2. Ano ang dapat mong gawin sa iyong mga talento?
3. Paano mo maibabahagi sa ibang tao ang iyong talento?

**Tala para sa Guro:**

1. Ipapaliwanag ng guro sa mga mag-aaral ang mga dapat sundin upang masagutan nang maayos at wasto ang mga gawain.

2. Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang panuto.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**

**Panuto**: Punan ang patlang.

Ako si ______________________________.

Kaya kong ____________________________________________________.

Ipagmamalaki ko ang aking talento sa pamamagitan ng

____________________________________________________________________.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph